# TITSER NANAY: ANG BUHAY SA DALAWANG MUNDO

*by:*
**AGNES L. DAHIL**
*Teacher III, Hermosa Elementary School*

Ang mundo ng isang Titser-nanay na puno ng pagsubok at pagmamahal. Ito ay isang malaking responsibilidad. Kasabay nito ang kanyang misyong magturo at palakihin ng maayos ang kanyang mga anak. Ito ang dalawang mundong ginagalawan ng isang titser-nanay. Hindi biro ang responibilidad na nakaatang sa kanyang balikat. Ito'y nangangailangan ng oras, pagmamahal at sakripisyo.

Maagang gumigising upang maghanda. Maghanda para sa kanyang pamilya at maghanda para pumasok na sa kanyang ikalawang tahanan-ang paaralan. Panibagong araw ay haharapin nang may lakas at ngiti sa kanyang mga labi . Hindi dapat kakitaan ng kahinaan sapagkat ikaw ay modelo para sa iyong mga mag-aaral at ikaw ay nagsisilbing lakas ng iyong mga anak.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ikaw ay titser-nanay, sa loob at labas ng silid-aralan. Ikaw ang tagapagturo at ilaw na nagbibigay liwanag sa mga batang sa iyo ay umaasa. Isa kang huwaran ng tiyaga, pagmamahal at malasakit. Isa kang inspirasyon para sa lahat.

Hindi madali ang pagiging titser-nanay, minsan kahit mabigat ang dalahin , hindi ka pwedeng magmukmok sa isang sulok at huminto. Kahit mabigat ang pakiramdam, kailangan mong bumangon at tumayo dahil alam mong hindi pwedeng mawalan ng isang ina ang iyong mga anak pati na rin ang iyong mga mag-aaral na sa iyo ay naghihintay. Ito ay hindi lamang trabaho, ito ay isang bokasyon , ika nga.

Ang pagiging isang guro at isang ina ay tulad ng paglalakad sa dalawang magkaibang landas na sabay mong tinatahak araw-araw. Sa mundong kanyang

ginagalawan, hindi lamang sa apat na sulok ng silid-aralan umiikot ang kanyang buhay kundi maging sa kanyang sariling tahanan. Ang mga aral na ating ibinabahagi sa ating mag-aaral ay nais din nating maibahagi sa ating sariling mga anak. Nais nating sila ay magtagumpay sa kanilang mga hinaharap. Sa lahat ng sakripisyong ito, darating ang panahon, pipitasin nila ang matamis na bunga ng kanilang mga pinaghirapan. Ito ay dahil sa iyo-titser-nanay.

Tunay na kayo ay bayani kung kaya't ako ay saludo sa inyo. Titser-nanay- Ikaw ang ilaw sa dalawang mundo!

*References:*

Teacher Nanay ( kuwento ni Genaro R. Gojo Cruz)

https://www.facebook.com/lamparabooks/posts/titser-nanay-teacher-nanay-kuwento-ni-genaro-r-gojo-cruz-guhit-ni-beth-parrochan/769590705178541/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan